

Social Media at Pagbabahagi

lisipin ng mga kalahok ang tungkol sa privacy nang may kaugnayan sa kung paano sila nagbabahagi ng impormasyon at nakikipag-ugnayan sa iba sa online, lalo na ang tungkol sa paggamit ng social media. Maipapaliwanag nila ang mga kompromiso sa privacy sa konteksto ng social media at malalaman kung paano gagamitin nang mahusay ang mga setting ng privacy sa online.

Paggamit ng Social Media

Part One

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Bago ang aktibidad na ito, i-tape ang “SUMASANG-AYON” at “HINDI SUMASANG-AYON” na mga karatula sa magkabilang bahagi ng silid. Ipaalam sa mga kalahok na kapag nabasa mo na ang bawat pahayag, dapat silang tumayo malapit sa isang bahagi o sa isa pa depende sa gusto nila; maaari ring tumayo ang mga kalahok sa gitna ng dalawang karatula kung hindi sila sigurado/hindi pa nakapagpasya.

Sa gitna ng mga pahayag, hilingin sa mga kalahok na ipaliwanag ang kanilang posisyon at isali ang grupo sa maikling mga talakayan tungkol sa bawat paksa.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Babasahin ko ang isang pahayag. Kung sumasang-ayon talaga kayo, pumunta sa karatulang “SUMASANG-AYON.” Kung hindi talaga kayo sumasang-ayon, pumunta sa karatulang “HINDI SUMASANG-AYON.” Kung hindi ka talaga sigurado o hindi ka sang-ayon / hindi sumasang-ayon, pumunta sa gitna sa posisyon na pinakamabuting naglalarawan sa pananaw mo.

May account ako sa social media platform tulad ng Facebook, Twitter, Snapchat o Instagram.

Gumagamit ako ng social media araw-araw.

Ang aking social media profile — na nasa social media platform na pinakamadalas kong gamitin — ay nakapubliko.

Mayroon akong iba’t ibang kaibigan / follower / koneksyon (sa madaling salita, natatanging audience) sa iba’t ibang social media platform na ginagamit ko.

Ang aking generation ay may ibang paraan ng pag-iisip tungkol sa impormasyong ibinabahagi sa mga social media platform kumpara sa mga nasa hustong gulang.

Gumagamit ako ng iba’t ibang social media platform para sa pagpo-post ng mga partikular na uri ng nilalaman.

Spectrum ng Friend Request

Part One

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ang social media platform ay isang online platform na magagamit mo para kumonekta at makipag-ugnayan sa mga tao.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Anu-ano ang mga social media platform na alam mo?

Part Two

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Bago ang sumusunod na aktibidad, idikit ang “SUMASANG-AYON” at “HINDI SUMASANG-AYON” na mga karatula sa magkabilang bahagi ng silid. Pagkatapos basahin ang bawat pahayag, dapat tumayo sa malapit sa karatula na kanilang napagpasyahan; sa gitna tatayo ang mga di sigurado.

Sa gitna ng mga pahayag, isali ang grupo sa maikling mga talakayan gamit ang mga tanong na sa ilalim ng bawat pahayag.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Babasahin ko ang isang pahayag. Kung sumasang-ayon talaga kayo, pumunta sa karatulang “SUMASANG-AYON.” Kung hindi talaga kayo sumasang-ayon, pumunta sa karatulang “HINDI SUMASANG-AYON.” Kung hindi ka talaga sigurado o hindi ka sang-ayon / hindi sumasang-ayon, pumunta sa gitna sa posisyon na pinakamabuting naglalarawan sa pananaw mo.

Para sa aktibidad na ito, isipin ang social media platform na pinakamadalas mong ginagamit.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Pampubliko ang aking social media profile.

1. Binabago ba nito ang paraan ng pagpo-post mo ng mga bagay sa online? Paano? O kung hindi, bakit hindi?

Ang aking social media profile ay para lang sa mga kaibigan / tao na kilalang-kilala ko.

1. Bakit ito ang iyong napili?
2. Magpo-post ka ba ng iba't ibang bagay kung makikita ito ng lahat? Anu-anong uri ng mga bagay?

Mayroon akong kaibigan / follower / koneksyon sa social media na hindi ko pa nakikilala sa tunay na buhay.

1. Bakit ka nakipagkaibigan / na-follow / nakipag-ugnayan sa taong ito? Siya ba ay nakilala mo na sa online, o hindi pa?
2. Paano mo ilalarawan ang relasyon?
3. Dahil nakikipag-ugnayan ka lang sa online, naiimpluwensiyahan ba nito kung paano ka nakikipag-ugnayan? Anu-ano ang ilan sa mga benepisyo sa ganitong uri ng pakikipag-ugnayan? Anu-ano ang mga posibleng hamon?

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Tinatanggap ko ang bawat kaibigan / follower / koneksyon na natatanggap ko.

1. Ano ang benepisyo ng ganitong pamamaraan? Anu-ano ang mga posibleng hamon?
2. Mahalaga ba ang mga request ng kaibigan / follower / koneksyon pagdating sa iyong privacy? Kung oo, paano? Kung hindi, bakit hindi?

Kapag nakakakilala ako ng mga bagong tao, pinadadalhan ko sila ng request para maging kaibigan / follower / koneksyon.

1. Bakit maganda / hindi magandang ideya ito?

Dinelete ko ang mga kaibigan / follower / koneksyon.

1. Bakit ito ang iyong napili?

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Sa online, ka-friend ko / mga follower / konektado ako sa aking mga magulang / tagapag-alaga o mga guro.

1. Binabago ba nito ang paraan ng pagpo-post mo?

2. Nagko-comment ba ang mga nasa hustong gulang sa buhay mo sa pino-post mo sa online?
3. Anu-ano ang mga posibleng benepisyo at / o mga hamon ng pagiging kaibigan / follower ng / mga koneksyon sa iyong mga magulang / tagapag-alaga o mga guro?

Ang ilan sa mga bagay na nasa profile ko ay maaaring makita ng mga kaibigan ng mga kaibigan / mga tao na hindi ako direktang konektado sa social media.

1. Aling mga bagay?

Tiningnan ko at / o binago ang aking mga setting ng privacy.

1. Bakit o bakit hindi?
2. Madali ba o nakakalito ang mga setting ng privacy na ito? Paano magiging mas madaling tingnan / baguhin ang mga setting na ito?

Gaano Kalaki ang Iyong Network?

Part One

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ngayon, pag-usapan natin ang posibleng lawak ng iyong online na audience sa social media.

May dalawang pangunahing paraan pagdating sa kung paano ibinabahagi sa isang audience ang nilalaman (hal., litrato, video, post na batay sa teksto). Isa, maaaring ibahagi ang nilalaman sa isang default na audience, na maaaring mga kaibigan / mga follower mo / kung kanino ka nakakonekta, o maaaring kabilang din dito ang mga kaibigan ng mga kaibigan. Pangalawa, ang iyong inisyal na audience ay maaaring magbahagi ng nilalaman sa kanilang mga kaibigan / mga follower / kung kanino sila nakakonekta.

Malamang makakapili ka ng iyong malapit na audience pero mas mahirap makontrol kung kanino muling nagbabahagi / muling nagpo-post / muling nagtu-tweet ng nilalaman ang iyong audience.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Ipalagay mo na nagbabahagi ka ng nilalaman hindi lang sa mga kaibigan / mga follower mo / kung kanino ka nakakonekta, pero ibinabahagi rin ang parehong nilalaman sa kanilang mga kaibigan / mga follower / kung kanino sila nakakonekta, sa tingin mo ilang tao ang binabahagian mo?

Part Two

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Isulat sa board ang mga sumusunod na equation / resulta.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Gumamit tayo ng kaunting matematika. Kung, halimbawa, mayroon kang dalawang kaibigan / follower / koneksyon sa isang social media platform, at ang bawat isa sa mga ito ay may tatlong kaibigan / follower / koneksyon, ilang pinakamaraming tao (ilang kaibigan / follower / koneksyon ang maaaring mag-overlap) ang maaaring makakita ng nilalaman na ibinabahagi mo sa platform?

1. Sagot: $2 + 2 \times 3 = 8$

Kung mayroon kang sampung kaibigan / follower / koneksyon sa isang social media

platform, at ang bawat isa sa mga ito ay may sampung kaibigan / follower / koneksyon, ilang pinakamaraming tao ang maaaring makakita ng nilalaman na ibinabahagi mo sa platform?

1. Sagot: $10 + 10 \times 10 = 110$

Kung mayroon kang tatlong daang kaibigan / follower / koneksyon at ang bawat isa sa mga ito ay may tatlong daang kaibigan / follower / koneksyon, ilang pinakamaraming tao ang maaaring makakita ng nilalaman na ibinabahagi mo sa platform?

1. Sagot: $300 + 300 \times 300 = 90,300$

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ang mga pagkalkulang ito ay batay sa palagay na ang iyong malapit na audience ay nagbabahagi ng nilalaman sa kanilang malapit na audience, pero walang karagdagang pagbabahagi ang mangyayari pagkatapos noon. Gayunpaman, sa karamihan ng mga pangyayari, maaaring ibahagi ang nilalaman nang higit sa dalawang malapit na audience na iyon.

Part 3

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Ano ang masasabi mo tungkol sa posibilidad na madaling malalaman ng maraming tao na posibleng hindi mo kilala (maaaring kilala mo ang ilan sa mga kaibigan ng mga kaibigan mo) ang tungkol sa ginagaw mo sa online? Ano ang maaaring maging ilang negatibo at / o positibong mga aspeto nito?

Bakit mahalaga ito?

Binabago ba nito ang paraan ng pag-isip mo sa pagbabahagi ng mga bagay sa online? Bakit o bakit hindi?

Pagbabahagi sa Online

Unang Talakayan

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Maaari kang magbahagi ng mga bagay sa online para sa gusto mong audience, pero kapag ginagawa mong nakapubliko ang nilalaman, maaari itong makakuha ng hindi inaasahang atensyon.

Maaaring maging “viral” ang media na ibinahagi sa online, madaling kumakalat sa social media, kinokopya at maaari ring ihalo sa iba.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Mayroon bang makakapag-isip ng halimbawa ng viral media?

1. Kung wala, tanungin sila ng tungkol sa mga meme, paghahalo sa iba o mga sikat na video na nakita nila at / o naibahagi sa kanilang mga kaibigan.

Pakikipag-ugnayan

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Magpakita ng kamakailang halimbawa na naaalinsunod sa konteksto mo / lokal / panrehiyong konteksto ng mga kalahok para higit pang patibayin ang konsepto.

Pangalawang Talakayan

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Maaaring maging maganda ang viral media kung gusto mong makakuha ng atensyon sa trabaho mo. Gayunpaman, ang hindi ninanais na atensyon ay maaaring kabilangan ng pangha-harass at cyberbullying. Ang isang pribadong video na mailalabas o maibabahagi nang walang pahintulot mo ay maaaring makasira sa iyong reputasyon.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Anu-ano ang ilang paraan na maaaring ibahagi sa online ang nilalaman na tungkol sa iyo nang higit sa audience na gusto mong pagbahagian, at paano ito maaaring makaapekto sa iyo at / o sa iyong reputasyon?

Mga Option ng Privacy para sa Mga Social Media Platform

Part One

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Dahil napag-usapan na natin ang tungkol sa ilang dahilan kung bakit maaaring hindi mo gugustuhing maging nakapubliko ang lahat ng ginagawa mo, pag-usapan natin ang mga paraan kung paano natin maaayos ang ating privacy online.

Part Two

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Sa gitna ng mga tanong, ipaliwanag nang mabuti sa talakayan gamit ang mga pahayag na nasa ilalim ng bawat tanong.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Posible bang magkaroon ng iba't ibang privacy setting para sa iba't ibang uri ng impormasyon?

1. Maaari mong lagyan ng iba't ibang antas ng privacy ang iba't ibang piraso ng impormasyon Mga halimbawa nito ay ang pagbahagi ng litrato mo, mag-post tungkol sa iyong mga paniniwala sa pulitika o relihiyon o kuwento ng isang nakakatawang video.

Paano naman ang tungkol sa iba't ibang setting ng privacy para sa iba't ibang tao? Halimbawa, pareho ba ang nakikita ng iyong mga magulang / tagapag-alaga at mga kaibigan sa iyong (mga) social media account?

1. Maaaring hindi gusto ng mga kalahok na makapag-comment ang kanilang pamilya sa kanilang mga post pero gugustuhing mag-react ang kanilang mga kaibigan.

Babalikan mo ba at muling titingnan ang lahat ng naka-tag ka? Bakit o bakit hindi?

1. Maaaring gustuhin mong alisin ang anumang nakakahiyang nilalaman (hal., litrato na hindi maganda ang buhok mo noong araw na iyon, post tungkol sa iyo na ayaw mong i-share).

Sa ilang social media platform, tulad ng Facebook, maaari mong baguhin ang iyong mga setting para kailanganin mong aprubahan ang isang bagay bago ito lumabas sa iyong profile. Magandang ideya ba iyon sa tingin mo? Bakit, o bakit hindi?

1. Tulong ng privacy settings, pwede mong tingnan at ayusin ang mga masasama sa iyong social media account. Gayunpaman, hindi nito pinipigilan ang taong nagpo-post sa pag-share nito sa kanilang mgakaibigan / follower / mga tao na konektado sila sa kanilang account.

Bakit gugustuhin ng isang taong limitahan ang maaaring maghanap sa kanila? Maaari ka bang magbigay ng halimbawa?

1. Maaaring hindi mo gugustuhin i-friend / i-follow ka / makipag-ugnayan sa iyo ang mga hindi kilala / mga tao na hindi mo masyadong kilala sa social media o magpadala sa iyo ng mga hindi ninanais na message.

Ka-friend mo ba / mga follower / konektado ka ba sa iyong mga magulang / tagapag-alaga sa online? Mga guro? Iba pang nasa hustong gulang?

1. Binabago ba nito ang uri ng nilalaman na gusto mong i-share o kung kanino mo gustong i-share ang nilalaman?

Ang mga magulang / tagapag-alaga o mga guro ba ay kailangang maging ka-friend mo / mga follower mo / konektado sa iyo para makita ang profile mo?

1. Dapat isaalang-alang ng mga kalahok kung pinapayagan ng sarili nilang mga setting ng privacy na makita ng pangkalahatang publiko ang kanilang mga social media profile. Tulungan silang mag-isip ng iba't ibang paraan na maaaring tingnan ng mga magulang / tagapag-alaga o mga guro ang kanilang mga profile.

Paano naman ang tungkol sa iba't ibang setting ng privacy para sa iba't ibang social media platform? Sa Twitter, nakapubliko ba o pribado ang mga tweet mo? Ilang tao ang maaaring makakita ng iyong mga kuwento sa Snap? Ilang tao ang maaaring maka-access sa iyong Instagram feed? Maaari bang tingnan ng iba ang iyong mga video sa YouTube? Maaari bang makita ng mga tao ang iyong mga litrato sa Facebook, higit pa sa iyong litrato sa profile?

1. Kung hindi alam ng mga kalahok, sabihin sa kanila na may mga setting ng privacy para rito.

Nagtw-tweet ka ba gamit ang tunay mong pangalan o alyas? Bakit?

1. Maaaring hindi gugustuhin ng mga kalahok na malaman ng pangkalahatang publiko ang tunay nilang pangalan. Sa ganitong sitwasyon, maaari nilang gustuhing gumamit ng alyas.

Part Three

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Ayusin ang mga kalahok sa mga pares.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Alam natin na maaaring medyo nakalilito ang mga setting ng privacy.

Sa iyong pares, maglaan ng ilang minuto para mag-isip ng tanong o comment tungkol sa mga setting ng privacy.

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Bigyan ng 5 minuto ang mga kalahok para mag-isip ng tanong o comment tungkol sa mga setting ng privacy. Hilingin sa kanilang mag-share sa buong grupo at sagutin ang bawat tanong na sasabihin. Humingi ng mga sagot mula sa ibang kalahok bago ibigay ang iyong sagot.

Kung may magagamit na mga computer o mobile device na may access sa Internet, ipakita kung paano ima-manage ang mga privacy setting sa online.

Takdang Aralin

Gabay

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Dahil napag-usapan na natin ang tungkol sa privacy sa social media, dagdagan pa natin ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang gabay na magagamit para tulungan ang iba na malaman ang nalaman mo.

Sa susunod na 30 minuto, magkakahiwalay na gumawa ng maikling gabay para tulungan ang iba.

1. Isipin ang mga audience ng kanilang mga post sa social media.
2. Isipin ang gusto nilang ibahagi sa publiko at kung ano ang maaari nilang gustong panatilihin pribado at bakit.
3. Isaalang-alang kung bakit nila gugustuhing tingnan muli at / o i-edit ang mga setting ng kanilang privacy sa social media.
4. Isipin kung paano sila maaaring mag-set ng iba't ibang setting ng privacy para sa ibat' ibang nilalaman at kung bakit maaari nila itong gustuhing gawin.

Ang gabay na ito ay maaaring nasa format na gusto mo. Maaari kang magsulat ng step-by-step na gabay na teksto, gawin ito na parang “manual ng user,” magsama ng mga litrato o flowchart, o anumang iba pang paraan na sa tingin mo ay tutulungan ang iba na malaman ang mga bagay na ito; huwag kang mahiyang maging creative! Sa gabay, tiyakin ding:

1. Ipakita sa mga magbabasa kung paano titingnan muli at babaguhin ang mga setting ng privacy sa isang social media platform.
2. Magbigay ng sagot sa isang tanong tungkol sa mga setting ng privacy na pinaniniwalaan mong mahalaga, batay sa nakaraang talakayan ng grupo.

Assignment

Hikayatin ang mga kalahok na pumili ng iba't ibang platform para mas maraming platform ang matatalakay. Bigyan ang mga kalahok ng 30 minuto para tapusin ang ipinapagawa sa kanila.